IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# PRUSISYONG NAVAL NG KAMBAL DE MARIA: ISANG DOKYUMENTARYONG PAG-AARAL

**[1]Diana Joy P. Tatad, [2]Rejoice B. Discaya**
Sorsogon State University
Sorsogon City, Philippines

***Abstrak:*** Natiyak sa pag-aaral ang makasaysayang kuwento ng Kambal de Maria sa Bacon, ang mga karanasan ng deboto na lumahok sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria sa Bacon at ang implikasyon nito sa guro at mag-aaral. Dokyumentaryong Analisis at Cultural Theory Analisis ang ginamit na disenyo sa pananaliksik. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili dalawang (2) nangangalaga ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia bilang impormante at snowball sampling o chain referral sampling ang ginamit sa pagpili ng mga (30) deboto na sumasabay sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon at (30) deboto na hindi sumasabay bilang impormante. Ginamit din ang pagtatanong-tanong, obserbasyon, panayam. Gumamit din ng Unstructured Interview Guide para sa Malalim na Panayam o In-depth Interviews upang matukoy ang mga datos. Ang mga datos nalikom ay sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang tematikong analisis. Mayroong makasaysayang kuwento Kambal de Maria mula Sitio Tiris, Osiao at Poblacion Bacon. Mayroon ding kaniya-kaniyang karanasan ng paghihimala sa buhay ng mga deboto ang patuloy na paglahok sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria na kasasalaminan nang malalim na pananampalataya, pananalig at pagpapasalamat sa Birheng Maria. Ang implikasyong nabuo ng pag-aaral para sa mga guro at mag-aaral tulad ng integrasyon ng nalikom na makasaysayang kuwento sa kurikulum, ang pagtuturo ng kahalagahan ng pananampalataya at pananalig sa Mahal na Birhen, at ang patuloy ng pagpapahalaga sa pananaliksik ay magsisilbing hanguan ng kaalaman at mataas na antas ng kamalayan ng lokal na kultura at tradisyong Bacongnon.

***Susing Salita:*** *Prusisyong Naval, Kambal de Maria, Dokyumentaryong Pag-aaral, Makasaysayang Kuwento, Deboto*

## I. INTRODUKSYON

Simbolo ang kultura ng iba't ibang pamamaraan ng pamumuhay ng mga tao sa daigdig. Kabuhol ng sining, paniniwala, tradisyon, gawi, kaugalian, wika at relihiyon naipakikita ang mayamang kultura ng bansa na nagsisilbing repleksiyon ng identidad. Ayon sa UNESCO (2024)[1] ang Sustainable Development Goal (SDG) 11.4 ay nakatuon sa pagpapalakas ng pagsisikap sa pangangalaga at pagpapanatili ng kultural at likas na pamana ng mundo. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapahalaga sa kasaysayan, wika, sining, kultura at tradisyon ay mas magpapatibay ng pambansang pagkakakilanlan.

Ang pag-unawa sa pagitan ng kultura ay nagpapakahulugan ng pagkilala sa iba't ibang pananaw sa mundo. Malaki rin ang epekto nito sa pag-uugali, pag-uugali, at pakikipag-ugnayan sa lipunan (Kleinman et al., 2006)[2]. Ang paniniwala at pananampalataya kay Birheng Maria ay masasalamin sa iba't ibang titulo, anyo at persona sa iba't ibang bansa tulad na lamang sa Mexico na sinasamba si Nuestra Señora de Guadalupe bilang patrona ng mga Latino, sa Poland malakas ang pagpapahalaga kay Our Lady of Czestochowa na tinatawag ding Black Madonna, sa bansang Vietnam nagbigay pag-asa at paggaling sa may sakit.

Sa Pilipinas malalim din ang pananampalataya kay Birheng Maria na makikita sa iba't ibang katauhan o persona tulad na lamang sa Bicol na naniniwala kay Nuestra Señora de Peñafrancia na pinakapitaganang patrona sa Bicolandia, Nuestra Señora de Manaoag sa Pangasinan dahil sa tanyag na makapangyarihang tagapagpagaling at patrona ng manlalakbay, sa Zamboanga malalim naman ang pagsamba kay Nuestra Señora del Pilar bilang pinakamahalagang Marian Devotion, sa Batangas malalim naman ang debosyon kay Nuestra Señora de Caysasay bilang milagrosong imahe at marami pang iba. Ang pakikiisa sa relihiyosong debosyon kay Birhen ng Caysasay ng Antipolo ay bahagi ng pananampalataya at kultura at bilang banal na lugar nakakaranas ng espirituwal at panlipunang koneksyon sa pamamagitan malalim na pananalig (Peracullo, 2020)[3].

Ang rehiyon ng Bikol ay kilala sa pagpapamalas ng mataas na pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapakita ng debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia na patron ng kabikolan, o mas kilala sa tawag na Ina. Nagsimula ang debosyon sa Lungsod Naga dahil sa dakilang debosyon ni Padre Miguel Robles de Covarrubias, na laging dala ang estampita ng Peña de Francia ng

Espanya. Sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Basco (2014)[4] na ang kinikilala ng mga Bikolano bilang banal ang mga puwesto noong unang panahon ay walang imahen ng santo. Labis na nananalig ang mga katutubong Bikolano sa ating Dakilang Lumikha.

Batay sa pakikipanayam, pagtatanong-tanong at obserbasyon ng mananaliksik sa mga deboto sa Bacon, Lungsod Sorsogon, kasasalaminan ng mayamang kultural at panrelihiyong aktibidad. Isa sa tatak ng kulturang Bacongnon ang na paniniwala at debosyon sa Kambal de Maria o ang dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia. Sa paghingi ng gabay upang makaiwas sa mga natural na kalamidad tulad ng bagyo, lindol, at daluyong at iba pa lalo na't ang lokasyon ng lugar ay malapit sa dagat gayundin pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan dito.

Sa pamamagitan ng pakikiisa ng mga deboto sa Prusisyong Naval sa dagat na ipinagdiriwang tuwing ikalawang Linggo ng Setyembre taon-taon, ang pagdiriwang ng kapistahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay sinasaliwan ng musika o pag-awit, pagsabit ng mga banderitas at paglalagay ng mga imahen ng santa na nadedisenyuhan ng iba't ibang makukulay na bulaklak. Ito rin ay isang organisadong sistema ng pananampalataya, paggalang, at pananalig na nakasentro sa isa o higit pang kinikilalang Diyos. Kaugnay nito, batay sa naging obserbasyon at karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo sa Senior High School may kakulangan lokal na material pampagtuturo ang mga guro at mag-aaral sa asignaturang may kaugnayan sa wika, sining, panitikan at relihiyon. Ang mga suliranin ang nabanggit ang nagbigay ng motibasyon sa mananaliksik na pag-aralan at alamin ang makasaysayang kuwento ng tinatawag na Kambal de Maria, karanasan ng mga deboto sa pakikilahok sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria Distrito ng Bacon, Lungsod Sorsogon sa pamamagitan ng patuloy na pamamanata ng mga deboto.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito ang maisadokumento ang makasaysayang kuwento ng dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria sa Bacon. Malaman masuri ang karanasan ng paghihimala sa buhay ng mga deboto na lumalahok sa ng Prusisyong Naval ng Kambal de Maria sa Bacon. Matukoy ang implikasyon sa mga guro at mag-aaral ng nabuong pag-aaral.

## III. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng disenyong Dokyumentaryong Analisis at Cultural Theory Analisis. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili dalawang (2) nangangalaga ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia bilang impormante at snowball sampling o chain referral sampling ang ginamit sa pagpili ng mga (30) deboto na sumasabay sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon at (30) na hindi sumasabay sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon bilang impormante. Ginamit din naman ang pagtatanong-tanong, obserbasyon at panayam sa paglikom ng datos. Ang mananaliksik din ay nakiisa sa pamamagitan ng prosesong Participant Observation o Pakikilahok at Pagmamasid na kung saan naging aktibo sa pakikilahok relihiyosong gawain sa komunidad habang kasabay nito ang pagmamasid at pagtatala ng mga pangyayari, kilos, at interaksyon lugar dausan. Ginamit ang Unstructured Interview Guide kaya't inihanda ang Interbyu Iskedyul para sa Malalim na Panayam o In-depth Interviews upang matukoy ang mga datos at impormasyon na kailangan sa pag-aaral. Ang mga datos at impormasyong nalikom ay sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang tematikong analisis.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng Datos

Sinimulan ang pangangalap ng kakailanganing datos sa pamamagitan ng liham-pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang isinagawang pag-aaral. Noong Setyembre 10, 2024 nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng barangay ng Sitio Tiris Osiao, Poblacion, at Caricaran, mga deboto, mga tagapangalaga ng dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia mula sa Sitio Tiris Osiao at Poblacion sa Bacon, samantala Setyembre 11, 2024 naman nakipag-ugnayan sa sektor ng simbahan upang humingi ng pahintulot sa pagsasadokumento sa pamamagitan ng pagkuha ng bidyo sa ginanap na Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon. Setyembre 15, 2024 naman nagsagawa ng pagsasadokumento ng Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon na ginanap sa Bacon Fish Port.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ang *Unstructured Interview Guide* para sa Malalim na Panayam o *In-depth Interviews* noong Setyembre 27-28, 2024 upang matukoy ang mga datos at impormasyon na kailangan sa pagbuo ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay naghanda ng isang interbyu iskedyul para sa pakikipanayam sa mga impormante. Ang isinagawang interbyu iskedyul ay nakatulong upang malaman ang makasaysayang kuwento ng dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria ng Bacon, karanasan at paghihimala sa buhay deboto, impluwensiya at implikasyon sa sa pamumuhay ng deboto. Sa pakikipanayam ang mananaliksik ay hinayaan na malayang makapagkuwento ang mga impormante. Ipinaliwanag kung ano ang layunin ng isinagawang pag-aaral. Noong Enero 11, 2025 naman muling bumalik ang mananaliksik sa mga tagapangalaga upang humingi ng datos ukol sa sukat batay sa taas, lapad at kapal, mga telang ginamit sa kasuotan at materyales na ginamit sa paggawa ng imahe at iba pang kaugnay na imporamsyon.

Binigyang konsiderasyon naman ng mananaliksik ang mga deboto at tagapangalaga ng dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria ng Bacon na nais maging konpidensyal ang kanilang pagkakakilanlan. Sa mga nagbigay ng pahintulot na makapanayam ay nagpatala at nagpalagda ang mananaliksik ng consent form at waiver form para sa pumapayag na maitala ang kanilang pangalan at magamit ang mga kuhang larawan. Personal na isinagawa ng mananaliksik ang pakikipanayam tagapangalaga ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia at mga deboto sa paglikom ng datos o impormasyon. Ang mga nalikom na datos ang ginamit na batayan sa pagbuo sa awtput ng pag-aaral.

## IV. RESULTA AT TALAKAY

### 1. Makasaysayang kuwento ng Kambal de Maria sa Bacon.

Sa pangangalap ng datos ng mananaliksik, nalaman ng mananaliksik ang dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria ay matatagpuan sa Sitio Tiris, Osiao at Poblacion, Bacon. Ang pagsasadokumento sa makasaysayang kuwento ng dalawang imahe ay malaking tulong upang patuloy na mapaunlad ang kultura, wika, kasaysayan at relihiyon.

### A. Makasaysayang Kuwento ng Imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ng Sitio Tiris, Osiao at Poblacion, Bacon.

Ang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa ay nagtataglay ng makasaysayang halaga, na nag-uugnay sa pananampalataya at kultura na kinagisnan ng mga deboto. Ang kuwento nito ay salamin sa matibay na debosyon ng mamamayan. Batay sa pakikipanayam natuklasan ang makasaysayang kuwento ng imahe ng Kambal de Maria at nabuo ang temang 1. Kuwento ng pagkakaroon ng imahe, 2. Pinagmulan ng imahe, 3. Pisikal na anyo ng imahe, at 4. Pagsasabuhay ng mga rituwal ng imahe.

### 1. Kuwento ng Pagkakaroon ng Imahe ng Kambal de Maria

#### a. Kuwento ng Pagkakaroon ng Imahe Sitio Tiris, Osiao



**Larawan Blg. 1**. Kuhang Larawan ni Diana Joy P. Tatad. *Ang imaheng ito ni imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay donasyon 1956 bilang pagpapasalamat sa mga biyaya at paghingi ng gabay sa anomang kalamidad o*

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa tagapangalaga ng imahe nabanggit niyang nagsimula ang pagkakaroon ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa Sitio Tiris Osiao, Bacon noong taong 1954 nang mag-usap-usap ang mga matatanda sa lugar sa pangunguna ng mag-asawang Adela Bañares Dulpina at Sergio Ebdane Dulpina ito ay dahil sa malalim nilang pananampalataya at pananalig sa Birheng Maria bilang tagapamagitan ka Panginoon.

Nakagawian na ni Adelina Adela Bañares Dulpina ang pangunguna sa ka nilang Sitio sa pagkakaroon ng aurora kaya't taong 1956 nagkaisa sila na magpagawa ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa patuloy nilang pamamanata sa imahe kaya't ang Cura Paroko ng Bacon ay sumulat sa kanila upang makausap sa kumbento ibinilin din na dalhin ang imahe upang mabasbasan ito. Pagkatapos ng pagbabasbas, dinala ulit ang imahe pauwi ng Tiris. Mula noon nagkaroon ng sariling bahay kubo ang santa.

Paglipas ng ilang taon nag-usap-usap ang mga matatanda sa kanilang Sitio na magkaroon ng fiesta bilang pagpapakita ng kadalisayan at pananampalataya sa imahe ni Ina, napagdesisyunan nila na gawin ito sa unang araw ng Setyembre. Kaya't ang unang fiesta ay Setyembre 1, 1961 hanggang sa kasalukuyan ang mga mamamayan sa Sitio ay ipinagdiriwang pa rin ito dahil ito ay panahon ng kanilang pasasalamat at paghingi ng gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay lalo na't isa sa mga ikinabubuhay nila ay ang pangingisda. Dahil walang permanenteng pamamahayan ang imahe kaya't naisip Sergio Ebdane Dulpina na ibigay kapirasong lupa na pag-aari nito upang para patayuan ng maliit na simbahan. Simula noon tuwing sasapit na ang kapistahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia lagi nang inimimbitahan ang imahe ng simbahan sa Bacon upang iprusisyon sa dagat o mas kilala sa tawag nilang Prusisyong Naval kung kaya't naging bahagi na ito ng kulturang Bacongnon hanggang sa kasalukuyan.

Sa kabila ng mga hamon at matitinding pagsubok na kinaharap sa buhay ng mga magulang ng tagapangalaga ng imahe ipinamulat nila sa kanilang mga anak ay pagbibigay ng taimtim na debosyon Nuestra Señora de Peñafrancia. Bagama't hindi lamang isa ang naging hamon sa kanilang buhay kundi sunod-sunod ngunit hindi natinag ang buong pamilya sa sitwasyong kanilang kinaharap. Batay sa naging panayam ng mananaliksik ibinahagi ng tagapangalaga na:

> "…Kaidto grabe an pagsakit kan samuyang pamilya magkatulong beses na nagpagibu an samuyang ama ki layag bilang iyo ang samuyang pinagkukuwaan ki hanapbuhay ang paglawod sa dagat. Kaya lang sa kada pagibu san samuyang ama ki layag permi kami namamatayan ki tugang kaya tulong tugang mi ang namatay, pero an samuyang mga magurang mas nagkusog ang pagtubod kay Nuestra Señora de Peñafrancia kaya panata mi na Siya pig-iiba sa prusisyon sa dagat…"

Salin: Noon malaki ang naging paghihirap ng aming pamilya, tatlong beses na nagpagaw ang aming ama ng sasakyang pandagat dahil ito ang aming pinagkukunan ng hanapbuhay ang pangingisda sa dagat. Kaya lang sa bawat pagpapagawa nito ay namamatayan kami ng kapatid, ngunit ang aming magulang mas lumakas ang paniniwala kay Nuestra Señora de Peñafrancia kaya panata na Siya ipinapasama sa prusisyon sa dagat. –(Kalahok Blg. 1)

Ang paniniwala at pagtangkilik sa mga makasaysayang kuwento ng Birheng Maria ay may kahalagahan upang mapanatili ang oral na tradisyon sa mga lokal na mamamayan ng Bacon. Ang mga matatanda ay nagsisilbing tagapagsalaysay ng mga kuwento ng Mahal na Birhen, na nagiging daan upang maipasa ang pananampalataya sa mas batang henerasyon (Gonzales, 2021)[5].

**b. Kuwento ng Pagkakaroon ng Imahe sa Poblacion**



**Larawan Blg. 2**. Kuhang Larawan ni Diana Joy Tatad. *Ang imaheng ito ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay donasyon 1975 bilang pagpapasalamat sa mga biyaya sa iba't ibang himala at aparisyon.*

Batay sa pankikipanayam ng mananaliksik sa tagapangalaga ng imahe ang pagkakaroon ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa Poblacion dahil sa malalim debosyon at pananampalataya ng kaniyang ina. Noong Setyembre 20, 1975 hinding-hindi niya malilimutan ng isama siya ng kaniyang in ana bilhin ang imahe sa Daraga, Albay. Sa kaniyang pagkakaalala nang mga panahong iyon ang kaniyang ina ay nakikilaban sa karamdaman nito sa kidney.Kahit na nahihirapan at dinaramdam ng kaniyang ina ang karamdaman hindi pa rin ito pumayag na sumailalim sa prosesong medikal na panggagamot sapagkat naniniwala ito sa pagpapagaling at himala ni Nuestra Señora de Peñafrancia. Kahit na sobrang nahihirapan na ang kaniyang katawan hindi niya ito alintana, dahil sa malakas ang kaniyang pananalig kay Nuestra Señora de Peñafrancia na naging dahilan kung bakit tumagal ang buhay nito at umabot sa 92 taon at namatay sa edad na 93.

Ang kaniyang ina ay kilala bilang simpleng tao na matulungin sa kaniyang kapuwa. Ang kaniyang ina ay may malakas na pananalig sa imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia at ito ay ipinamana niya sa kaniyang mga anak. Simula noon palagi ng isinasakay sa bangka ang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ng Poblacion sa Prusisyong Naval o prusisyon sa dagat. Nagsisimula sa pagrorosaryo sa simbahan at pagsasagawa ng isang banal na misa bago isakay si Ina sa bangka para iprusisyon sa dagat kahit na malalaki ang alon, umuulan, o sobra ang sama ng panahon.

Sinuportahan ito ng banggit ni Alejo (2004)[6] na ang espirituwalidad ay itinuturing ding isang pagtuklas sa sagrado na pinaniniwalaang nagbibigay ng kahulugan sa buhay ng isang tao. Tunay ngang malaki ang papel ng mga prusisyon sa paghubog ng kultura at pananampalataya sa Pilipinas. Ang mga prusisyon, lalo na bilang bahagi ng debosyon sa Birheng Maria ay nagsisilbing paraan ng pagpapalakas ng pananampalataya ng mga deboto. Bukod dito, naging instrumento rin prusisyon sa dagat upang magpagbuklod-buklod ang mamamayan maging ang mga deboto na hindi naman talaga magkakakilala at ito ang nagpapatibay ng kolektibong identidad ng Bacon. Ipinapakita nito na ang ganitong mga rituwal ay hindi lamang espirituwal na gawain kundi isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino (Dela Paz, 2008)[7].

**2. Pinagmulan ng Imahe Kambal de Maria sa Bacon**

**a. Pinagmulan ng Imahe sa Sitio Tiris, Osiao**

Ang debosyong ito ay hindi lamang isang pagpapahayag ng pananampalataya kundi isang mahalagang bahagi ng kultura at tradisyon ng mga Bacongnon. Sa pamamagitan ng mga kuwento ng himala at pananalig, patuloy na lumalakas ang pagkakaisa ng mga deboto sa kanilang paniniwala at pagmamahal sa kay Nuestra Señora de Peñafrancia.

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa tagapangalaga ang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa Sitio Tiris Osiao, Bacon ay donasyon ng pamilya nina Adela Bañares Dulpina at Sergio Ebdane Dulpina. Ang imahe ay pinagawa ni Sergio Dulpina sa Naga. Mayroon din itong maliit na imahe na galing sa Liliw, Laguna na donasyon naman kanilang pinsan na sina Cresensiana, Letecia, Resurecion, at Atenciana.

Ang maliit na imahe ang naiiwan sa simbahan kapag ang malaking imahe ay isinasama sa Prusisyong Naval sa Bacon dahil may mangilan-ngilan ding mga deboto mula sa iba't ibang bayan sa Sorsogon na patuloy na nananalig dahil sa mga paghihimala at kadalisayang naranasan ng mga deboto mula sa imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia. Malaki ang kaugnayan ng sinabi ni Jocano (2005)[8] na para sa mananampalataya ay hindi usapin ang totoo o tunay, hindi rin alintana kung totoo ang imahe na patuloy na sinasamba dahil mas nananaig ang pananalig at pananampalataya.

**b. Pinagmulan ng Imahe sa Poblacion**

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa tagapangalaga ang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa Poblacion sa kaniyang salaysay ito ay donasyon ng kailang pamilya sa pangunguna ng kaniyang ina. Noong Setyembre 20, 1975 kasama ang kaniyang ina ng bilhin nila ng imahe sa Daraga, Albay. Noon pa man aktibo na ang kaniyang ina sa prusisyon at aurora sa kanilang lugar kaya't nang lumaon naisipan nitong bumili ng imahe dahil sa kaniyang pananalig nito sa Mahal na Ina. Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik, ang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa Poblacion ay may makasaysayang halaga, sapagkat ito ay isang donasyon ng pamilya ng tagapangalaga, na pinangunahan ng kaniyang ina, bilang tanda ng kanilang pananampalataya.

Mapapansin na sa naging salaysay ang pagbili ng imahe ay hindi lamang isang simpleng pagbili, kundi ito rin isang pagpapakita ng matibay na pananalig, lalo na't aktibong lumalahok at pinagungunahan ng kaniyang ina sa prusisyon at aurora sa kanilang lugar. Ito rin ay nag-ugat sa malalim na debosyon ng kaniyang ina ng tagapangalaga kay Nuestra Señora de Peñafrancia na kung saan ito ang dahilan sa pagpapatibay ng tagapangalaga sa relihiyon at sa pamayanang kaniyang kinabibilangan. Ang pag-aaral ng makasaysayang pangyayari, kabilang ang mga kuwento ng pananampalataya sa Birheng Maria, ay naghihikayat sa mga mag-aaral na tuklasin at pahalagahan ang kanilang sariling pamana bilang mga Pilipino. Ang pagsasadokumento ng ganitong mga kuwento ay mahalaga sa pagpapanatili ng kultural na identidad at pagpapalaganap ng kaalaman sa susunod na henerasyon (Forgeard, 2023)[9].

**3. Pisikal na Anyo ng Imahe ng Kambal de Maria**

**a. Pisikal na Anyo ng Imahe sa Sitio Tiris, Osiao**

Ang mapagpalang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay sagisag ng kabanalan at walang hanggang pagdamay ng Kaniyang mga deboto. Sa Kaniyang kaluwalhatian simbolo Siya liwanag na tanglaw ng pananampalataya at pag-asa para sa mga deboto. Ang imahe ay purong gawa sa pagkakalilok gamit ang kahoy ngunit dahil sa katagalan ay may bahagi itong nasira dahil sa pinamahayan at kinain ito ng anay kung kaya't upang mapanatili ang hugis at pigura nitong orihinal, inayos ito sa pamamagitan ng paglalagay ng wood epoxy sa bandang paanan. Batay din sa obserbasyon ng mananalikisik medyo nangitim lang ang mukha at pigura ng imahe dahil luma na ito at pagkakalilok nito mula sa kahoy.

Ang sukat ng imahe ay may taas na 28 pulgada may lapad naman itong 30 pulgada at may kapal na 10 pulgada, samantala, ang korona naman nito ay gawa sa yero na kulay ginto at may sukat na 8 pulgada. Ang damit ng imahe ay donasyon mula sa mga deboto at tagapangalaga nito ang mismong nananahi. Ang telang ginagamit sa pagtatahi ng damit ng imahe ay seda, organza at embroidered lace. Para sa bestida nito ang ginamit na tela ay seda na kulay ginintuang dilaw, organza na kulay ginto at embroidered lace na kulay ginto at may disenyong bulaklak. Sa pang-ibabang bahagi ng kasuotan ng imahe ay isang mahaba at malapad na saya, na may malalambot na folds o pleats, ang ginituang kulay na ginamit sa bestida ng imahe ay nagpapakita ng kadalisayan, kadakilaan at pagmamahal.

Para naman sa manto o kapa ng imahe ito gawa sa telang brocade ginintuang burda at disenyo, ito ay floral patterns na nagpapakita ng simbolikong pananampalataya. Ang gintong sinulid na burda ay nagpapakita ng kahalagahan ng ni Nuestra Señora de Peñafrancia bilang Ina ng Diyos. Ang kulay ng manto ay ginto, ito ay sumasagisag sa kabanalan at kadalisayan ng imahe. Makikita rin na sa laylayan ng manto o kapa na ito ay tinahian ng ginintuang dilaw na kurbang palawit. Ang palawit na ito ay sumisimbolo sa dignidad ng Mahal na Birhen bilang Reyna ng Langit at tagapamagitan ng Diyos. Dagdag pa ng tagapangalaga may iba pa siyang tinahing damit na kulay asul, pula at ginintuang dilaw na itinatago at pinagpapalit-palit tuwing may pagdiriwang. Ang marangyang damit na isinusuot sa imahe ay nagpapakita ng malalim na debosyon at paggalang sa Ina ng Diyos.

Sa katunayan malaki ang kahalagahan ng mga imahe ng santo sa pagpapalalim ng pananampalataya ng mga debotong Pilipino. Ipinakita na ang pisikal na anyo nito at kasuotan ay may malaking epekto sa personal na relasyon ng deboto sa kanilang pinipintuhong santo (Dela Cruz, 2018)[10]. Malaki ang kahalagahan ng detalyadong pagdodokumento sa pisikal na aspeto ng mga imahen upang mapanatili ang kasaysayan nito bilang bahagi ng pagdedebosyon at patuloy na nagbibigay ng kahulugan sa kultura (Santos et al., 2020)[11]. Ang pag-aaral at pagpepreserba ng pisikal na anyo ng imahe ay nagpapakita rin ng malalim na respeto at pagpapahalaga sa kasaysayan ng lugar. Bukod sa aspetong panrelihiyon, ito rin ay nagiging bahagi ng identidad at pagkakaisa ng

mga mamamayan sa Sitio Tiris Osiao. Kaya't ang pagsasadokumento nito ay hindi lamang isang gawaing pang-arkibo kundi isang paraan upang mapanatili ang diwa ng pananampalataya at tradisyon sa loob ng pamayanan.

**a. Pisikal na Anyo ng Imahe sa Poblacion**

Ang imahe ng Nuestra Señora de Peñafrancia sa Poblacion ay isang mahalagang simbolo ng pananampalataya at debosyon sa mga mananampalatayang Bacongnon. Makikita ang kaaya-ayang mukha at mahahalagang detalye ng kasuotan na nagpapakita ng kabanalan. Ang imahe ay purong gawa sa pagkakalilok gamit ang kahoy ngunit dahil sa maingat na pag-aalaga rito kung kaya't napanatili nito ang orihinal na hugis at pigura. Ang sukat ng imahe ay may taas na 27 pulgada may lapad naman itong 32 pulgada at may kapal na 10 pulgada, samantala ang korona naman nito ay gawa sa yero na kulay ginto at may sukat na 8 pulgada. Ang damit ng imahe ay donasyon mula ng tagapangalaga na kanilang ipinapatahi sa isang mananahi. Ang telang ginagamit sa pagtatahi ng damit ng imahe ay satin at brocade.

Para sa bestida nito ang ginamit na tela ay satin na kulay mapusyaw na ginituang dilaw, organza na kulay ginto at brocade na kulay ginto at may disenyong bulaklak. Sa pang-ibabang bahagi ng kasuotan ng imahe ay isang mahaba at malapad na saya, na may malalambot na folds o pleats. Ang kasuotan ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay gawa sa mga mamahaling tela tulad ng satin at brocade ay sumisimbolo sa kanyang pagiging isang mahalagang relihiyosong imahe. Ang bestida ng imahe ay tinahi gamit ang satin na may mapusyaw na ginituang dilaw na kulay ay nagpapakita ng kadalisayan at kabanalan. Idagdag pa rito ang organza at brocade na parehong may gintong kulay at disenyong bulaklak upang higit pang ipakita ang karangyaan at pagiging sagrado ng imahe. Sa pang-ibabang bahagi ng kasuotan ay isang mahaba at malapad na saya na may malalambot na folds o pleats, na nagbibigay ng eleganteng anyo sa imahe. Kung kaya't ang bawat telang ginamit sa kasuotan ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay may simbolikong kahulugan para sa deboto.

Ang kulay ng manto ay mapusyaw na ginintuang dilaw, ito ay sumasagisag sa kabanalan at kadalisayan ng imahe. Makikita rin na sa laylayan ng manto o kapa na ito ay tinahian ng ginintuang dilaw na kurbang palawit. Dagdag pa ng tagapangalaga may damit ang imahe na kulay pilak na itinatago at pinagpapalit-palit tuwing may pagdiriwang. Ang marangyang damit na isinusuot sa imahe ay nagpapakita ng malalim na debosyon at pananampalataya ng mga deboto Ang iba't ibang kasuotan ay mahalaga upang makilala at maunawaan ang mga santo bilang bahagi ng tradisyong Katoliko. Ipinakita na ang mga partikular na kulay, tela, at disenyo ay may simbolikong kahulugan na tumutulong sa mga mananampalataya na makilala ang buhay at misyon ng bawat santo. Ito rin ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng biswal na na representasyon sa pagpapalalim ng pananampalataya (Santos, 2018)[12].

**4. Pagsasabuhay ng mga Rituwal sa Imahe ng Kambal de Maria**

**a. Pagsasabuhay ng mga Rituwal Sitio Tiris, Osiao**

Ang ganap at malalim na pananampalataya at kolektibong pagpapahayag ng debosyon sa pamamagitan ng panalangin, prusisyon, traslasyon, at iba pang espirituwal na gawain ay mahalaga. Sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga rituwal na ito, naipapasa mula henerasyon sa henerasyon ang kultura at pananampalatayang bumibigkis sa mga deboto Nuestra Señora de Peñafrancia.

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik maraming mga mga rituwal na isinasagawa ang mga deboto upang maipahayag nila ang debosyon at pananampalataya kay Nuestra Señora de Peñafrancia. Isa na rito ang pagdarasal at pagsisindi ng kandila tuwing Linggo pagkatapos ng isang banal na misa. Nag-aalay din ng mga bulaklak bilang pagpapakita ng respeto at pagmamahal sa Mahal na Ina. Nagsasagawa din ng 9 na araw ng misa novenario sa loob ng 9 na araw sunod-sunod na misa at panalangin, pagdarasal ng santo rosaryo bago ang pista, pagsasabit ng rosaryo at puting panyo ng mga deboto na may larawan ng Birheng Maria, paglalagay ng mga bulaklak sa andas, prusisyon ng imahe sa buong Sitio Tiris, sa huling araw naman isinasagawa ang Prusisyong Naval ng imahe sa dagat na nilalahukan ng mga deboto. Batay sa naging panayam ng mananaliksik sa mga deboto na ang isinasagawa ang mga rituwal tulad ng:

> "…An pagnonovena, pag-intra sa aurora, permi na pagpapangadyi, pagrorosaryo kada Dominggo asin pag-iba sa prusisyon sa dagat sa kapiyestahan ni Ina an mga pigigibo ko na paagi para mapakusog an sakuyang pagtubod…"

Salin: Ang pagnonovena, paglahok sa aurora, laging pagdarasal, pagrorosaryo tuwing Linggo at paglahok sa prusisyon sa dagat sa kapiyestahan ni Ina ang mga ginagawa kong paraan para mapalakas ang aking paniniwala.-(Kalahok Blg. 1 at 2)

Ang debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay hindi lamang isang panlabas na pagpapakita ng pananampalataya kundi isang malalim na espiritwal na koneksiyon na ipinapakita sa pamamagitan ng patuloy na pananalangin, pagsisimba, at aktibong pakikilahok sa mga tradisyunal na gawain tulad ng novena at prusisyon. Ang pananampalataya ay lumalakas sa pamamagitan ng kolektibong pagsamba at personal na debosyon, na nagiging bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga deboto. Ang kasaysayan ng rosaryo at ang sentral na papel nito sa pananampalatayang katoliko, partikular sa debosyon sa Birheng Maria. Ang rosaryo ay naging simbolo ng kultural na identidad at pananampalataya sa paglipas ng panahon. Ang pagsasadokumento ng kasaysayan at kahalagahan ng rosaryo ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa relihiyosong tradisyon ng bansa (De La Cruz, 2019)[13]. Dagdag pa rito batay sa isa pang pahayag ng deboto na:

> "…Pagsunod sa patakaran kan Romano Katoliko…"

Salin: Pagsunod sa tuntunin ng Romano Katoliko.-(Kalahok Blg. 2, 6, 10, 11, 23 at 24)

Ang debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagpapakita ng malalim na pananampalataya ng mga deboto, na sumusunod sa mga tuntunin ng simbahang katoliko sa pamamagitan ng panalangin, prusisyon, at iba pang rituwal bilang pagpapakita ng deboto ng pananampalataya at pagsamba. Malaki ang kahalagahan ng pag-unawa sa mga ito bilang bahagi ng espirituwal na paglalakbay ng tao. Bagaman hindi nakatuon lamang sa Birheng Maria, ipinapakita na ang iba't ibang relihiyosong paniniwala ay mahalaga sa pag-unawa sa kultural na pagkakaiba-iba at pagpapalalim ng pananampalataya. Ito rin ay nagpapanatili upang maipasa ang mga kultural at relihiyosong kaalaman sa susunod na henerasyon (Reyes, 2023)[14].

**b. Pagsasabuhay ng mga Rituwal sa Poblacion**

Ang pagsasabuhay ng mga rituwal sa Poblacion ay isang mahalagang bahagi ng pagpapakita ng pananampalataya at debosyon ng mga deboto kay Nuestra Señora de Peñafrancia. Sa pamamagitan ng iba't ibang panata, dasal, at prusisyon naipapahayag nila ang kanilang taimtim na pananalig at pasasalamat. Ang mga rituwal na ito ay hindi lamang tradisyon kundi isang paraan din ng pagbubuklod ng pamayanan sa iisang paniniwala at layunin.

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik maraming mga mga rituwal na isinasagawa ang mga deboto upang maipahayag nila ang debosyon at pananampalataya kay Nuestra Señora de Peñafrancia. Isa na rito ang pagsasagawa ng araw-araw na pananalangin at paghingi ng gabay sa imahe araw-araw tuwing umaga, pagsasagawa ng tradisyonal na aurora, traslasyon at prusisyon, pagtitirik ng kandila at pag-aalay ng mga bulaklak. Batay nga sa pakikipanayam ng mananaliksik isinalaysay ng mga deboto ang:

> "…Pag-iba sa 9 days na aurora an Ika-9 days prusisyon sa dagat kan imahe ni Ina, nagsisimba, nangangadyi asin paghagad ki gabay…"

> Salin: Pagsama sa 9 na araw ng aurora ang Ika-9 araw prusisyon sa dagat ng imahe ni Ina, nagsisimba, nagdarasal at paghingi ng gabay.-(Kalahok Blg 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 11, 12, 13, 14 at 27)

Batay sa salaysay ng mga deboto sa isang panlipunang perspektibo, ang prusisyon sa dagat at ang buong siyam na araw na pagdiriwang ay maaaring tingnan bilang isang manipestasyon ng kolektibong pakikilahok ng mga tao sa pagpapanatili ng isang mahalagang tradisyon. Ang sama-samang pagsisimba, pagdarasal at prusisyon ay lumilikha ng isang matibay na ugnayan sa pagitan ng mga deboto, anuman ang kanilang katayuan sa buhay. Bukod sa aspetong espirituwal, ang ganitong mga kaganapan ay may malaking papel sa pagbibigay ng pagkakakilanlan ng pamayanan, kung saan ang bawat indibiduwal ay nagiging bahagi ng isang mas malaking layunin—ang pagpapalaganap ng pananampalataya at ang pagpapahalaga sa kanilang relihiyosong kultura.

> "…An Pagpapangadyi, pagpapanata taon-taon asin pagtan-aw kan prusisyon sa dagat…"

> Salin: Ang pagdarasal, pagpapanata taon-taon at pagtanaw ng prusisyon sa dagat. –(Kalahok Blg. 1, 2, 3, 4, 16, 17, 19, 22, 14, at 29)

Ang pagdarasal at pagpapanata taon-taon ay nagpapakita na ang debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay madalas na isang personal o pamilyang panata. Maraming deboto ang lumalahok sa taunang pagdiriwang bilang pagtupad sa isang pangako o bilang pagpapasalamat sa mga biyayang natanggap. Ang ganitong uri ng debosyon ay hindi lamang isang relihiyosong kaugalian kundi isang malalim na pagpapahayag ng pananampalataya at pasasalamat. Ang mga deboto ay handang magsakripisyo sa pamamagitan ng pagsama sa prusisyon, paggawa ng penitensiya, at taimtim na pagdarasal.

Bukod sa personal na panata, ang taunang paggunita ay nagiging simbolo rin ng pagkakaisa ng komunidad, kung saan nagkakasama-sama ang mga tao upang ipakita ang kanilang pagmamahal at pananampalataya kay Ina, ang tawag nila sa Mahal na Birhen. Ang mga sakripisyong ito, tulad ng paglahok sa traslasyon at Prusisyong Naval, ay itinuturing na paraan upang humingi ng gabay, proteksiyon, at patuloy na biyaya mula sa Mahal na Birhen.

Ang kahalagahan ng kapistahan ng pag-aakyat sa Langit ng Mahal na Birheng Maria sa kalendaryo ng simbahang Katoliko. Ang pagdiriwang na ito ay naging bahagi ng kultural at relihiyosong tradisyon ng mga Pilipino. Ang pagsasadokumento ng ganitong mga kapistahan ay mahalaga sa pagpapanatili ng pananampalataya at pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga makasaysayang ugat ng mga pagdiriwang na ito (Garcia, 2024)[15].

***B. Kuwento ng Pagpapasimula ng Kambal de Maria ng Bacon***

Ang pinagmulan ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay may mahalagang papel sa pananampalataya at kultura ng mga deboto, na nagsisilbing simbolo ng pag-asa at himala. Ang kasaysayan nito ay nagpatibay ng matibay na debosyon at nagbigay inspirasyon sa taunang pagdiriwang ng kapistahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia, na patuloy na nagpapalakas ng pananampalataya at pagkakaisa ng mamamayan.

Sa naging panayam naman ng mananaliksik kay Salve Doctor ng Sitio Tiris, Osiao Bacon batay sa kaniyang naging salaysay noon hinihiram ng simbahan ng Bacon ang kanilang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia para sa taunang isinasagawang Prusisyong Naval. Nang lumaon nagkaroon din ng imahe ang isang tagapangalaga sa Poblacion, Bacon. Kaya't simula noon dalawa na ang imahe ni Ina ang ipinuprusisyon sa dagat kaya't ito ang pinagmulan kung bakit may tinatawag silang Kambal de Maria. Ang Prusisyong Naval ng Kambal de Maria ng Bacon ay bahagi na ng mayamang kultura ng Bacongnon at isinasagawa ito taon-taon tuwing ikalawang Linggo ng Buwan ng Setyembre bilang pag-aalala sa kapiyestahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia.

Malaki ang kaugnayan nito sa banggit ni Banggit ni Jersey (2016)[16] na ang pagkilala ng kuwento ng isang lugar ay mahalaga sapagkat ito ay pinagmulan ng tunay na kuwento at kultura. Dito makikilala ang gawi, kilos, tradisyon o paniniwala at mga kaugalian maging ang kuwento na siyang bubuo sa nakatagong akda ng isang lugar o bayan. Kung kaya't ang makasaysayang kuwento ng Kambal de Maria ay nagpapakita ng malalim na kahulugan sa pamumuhay ng Bacongnon bilang bahagi ng mayaman nilang kultura.

**2. Mga Karanasan ng Deboto na Lumahok sa ng Prusisyong Naval ng Kambal de Maria sa Bacon.**

Ang mga kuwento ng karanasan ng paghihimala sa buhay ng mga deboto ng Kambal de Maria o ang dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay naglalarawan malakas na pananalig at pananampalataya, paghingi ng gabay sa pang-araw-araw na buhay at pahingi ng basbas upang patuloy na maging ligtas sa araw-araw, lalo na't marami sa mga mamamayan ng Bacon na pangingisda ang pangunahing ikinabubuhay. Sa mga nakapanayam natuklasan na ang mga kuwento ng karanasan ng Kambal de Maria o ni Nuestra Señora de Peñafrancia a. Mga himalang naranasan ng mga deboto, b. Paggaling mula sa karamdaman o aksidente, c. Paghingi ng kaligtasan sa unos o kalamidad, at d. Pagkakaroon nang maayos na pamumuhay.

**a. Mga himalang naranasan ng mga deboto**

Ang milagro o paghihimalang nagagawa ng Kambal de Maria ay itinuturing na isang pambihirang pangyayari na hindi maipapaliwanag ng agham o ng natural na batas ng kalikasan. Sa tradisyon ng katoliko, ang mga milagro ay itinuturing na mga tanda ng pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga piling santo o santa. Karaniwang may tatlong uri ng milagro: himala ng pagpapagaling, mga pisikal na pagbabago, at mga mahimalang pagpapakita. Ang mga milagro o paghihimahala ay karaniwang nararanasan ng mga deboto may malalim na debosyon, pananampalataya at pananalig sa dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia. Batay sa naging panayam ng mananaliksik sa mga deboto at tagapangalaga ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia mula Sa Sitio Tiris, Osiao may mga paghihimala at pagpapakita naranasan ang mga patuloy na naniniwala at nananampalataya sa imahe, sa salaysay ng deboto:

> "…Sa istorya kan sakuyang ina sarong banggi habang nagpaparauran, nagkatok an imahe ni Ina sa samuyang harong asin ini tuminaram na natuturuan daw an saiyang harong. Kan pigreparo in ikan sakuyang ina pagluwas niya sa pinto nahiling niya na naglakaw su imahe pero saro lang na gira kan bitis kaini an saiyang nahiling. Kaya sinundan kan sakuyang ina su gira kan bitis kaini hasta makaabot siya sa payag kaini na pigtuturing na saiyang harong. Kan saiyang pigreparo nahiling niya na dumugunon talaga an bado kan imahe…"

Salin: Sa kuwento ng aking ina isang gabi habang umuulan, kumatok ang imahe ni Ina sa aming bahay at nagsabi ito itong natutuluan daw ang kaniyang bahay. Nang tiningnan ito ng aking ina paglabas niya ng pinto nakita niya na naglalakad na ang imahe ngunit isa lang marka ng paa nito ang kaniyang nakita. Kaya sinundan ng aki ina ang marka ng paa hanggang sa makarating siya sa bahaykubo nito na itinuturing niyang bahay. Nang tiningnan niya ito nakita niya na basang-basa nga talaga ang damit ng imahe.-(Kalahok Blg. 1)

Batay sa naging pahayag nagpapakita lamang ito ng isang misteryosong pangyayari na maaaring sumisimbolo sa espirituwal na koneksiyon ng imahe, ang pag-iiwan ng isang bakas ng paa ay maaaring nangangahulugang hindi ito isang ordinaryong nilalang kundi isang pagpapakita mula sa ibang dimensyon. May kaugnayan ito sa debosyon sa Pitong Kagalakan ni Maria, na ipinakita mismo ng Birheng Maria sa ilang deboto.

Ang pagsasagawa ng debosyon ay nagdudulot ng malaking kagalakan at kapayapaan sa mga mananampalataya. Ang mga deboto ay nakakaranas ng mas malalim na espirituwal na koneksyon sa pamamagitan ng pagninilay sa mga kagalakan ni Maria (Cantorbery, 2017)[17]. Ang pahayag ay nagpapakita ng malalim na paniniwala ng mga residente sa milagrosong presensya ng Nuestra Señora de Peñafrancia, kung saan ang kanilang karanasan at pisikal na ebidensya, tulad ng baranggot sa laylayan ng damit ng imahe, ay nagbibigay ng patunay sa kanilang pananampalataya. Sa panayam ng mananaliksik isinalaysay ng deboto na:

> "…May mga istorya man na totoo na nagpapahiling, naglalakaw asin naglilibot an imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia sa palibot kan Sitio Tiris ta may mga nakahiling na residente. Pagkaaga pagbisita niamo sa imahe nahiling niamo na may baranggot ini sa laylayan kan saiyang bado. Nangangalas man kami bilang tagaataman kaini ta pan-o man ini nabugtakan ki baranggot samantalang nakapatong ini sa taas kan estante. An baranggot sarong awot na mas durudakula ki diit sa amorsiko na manidukot sa tela…"

Salin: May mga kuwento din na totoong nagpapakita, naglalakad at nililibot ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia ang buong Sitio Tiris dahil may residenteng nakakita nito. Kinabukasan binisita namin ang imahe nakita naming na may baranggot ito sa laylayan ng kaniyang damit. Nagulat naman kami bilang tagapangalaga niya dahil paano naman ito magkakaroon ng baranggot samantalang nakapatong ito sa taas ng estante. Ang baranggot isang uri ng damo na mas malaki ng konti sa amorsiko at dumidikit sa tela.-(Kalahok Blg. 2)

Mahalaga ang tunay na debosyon sa Birheng Maria bilang mahalagang bahagi ng Kristiyanong pananampalataya. Ipinakita nito na ang mga deboto ay nakakaranas ng mas malalim na relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang debosyon kay Maria. Ang kanilang pananampalataya ay pinapalakas ng mga rituwal at panalangin na nakatuon sa Birheng Maria (Ordoñez,2024)[18].

Ang papel ni Maria bilang modelo ng Kristiyanong disipulo at bilang Ina ng lahat. Ang debosyon sa Birheng Maria ay inspirasyon ng mga deboto na isabuhay ang mga pagpapahalagang Kristiyano. Ang mga deboto ay nakakaranas ng gabay at suporta sa kanilang espirituwal na paglalakbay sa pamamagitan ng kanilang relasyon kay Maria (Rañada,2019)[19]. Batay sa naging pakikipanayam ng mananaliksik nasalaysay ng deboto na:

> "…May mga istorya din na sarong banggi pauli su sarong residente kan Sitio Tiris ngalasun ini kan saiyang nalabayan su simbahan kung sain nakabugtak su imahe ni Ina nahiling kaini na mailawon sa luwas asin sa laog kan simbahan kaya maliwanagon su palibot kaini…"

> Salin: May mga kuwento din na isang gabi pauwi na ang isang residente ng Sitio Tiris nagulat ito ng madaanan niya ang simbahan kung saan nakalagay ang imahe ni Ina nakita nito na maliwanag ang loob at labas ng simbahan kaya sobrang liwanag ng palibot nito.-(Kalahok Blg. 3)

Batay sa naging pahayag nabuo ang isang paniniwala batay sa mga karanasang hindi maipaliwanag, na nagresulta sa isang taunang tradisyon ng prusisyon bilang pagpapakita ng pananampalataya kahit sa kabila ng masamang panahon. Ang malalim na kaugnayan ng paniniwala at kultura, kung saan ang isang pangitain o karanasan ay nagiging batayan ng patuloy na pagsasagawa ng isang rituwal na sumasalamin sa debosyon ng komunidad. Dagdag na pahayag pa sa pakikipanayam sa mga deboto nabanggit na:

> "…May mga istorya din na may nakahiling kan imahe ni Ina na nagpuprusisyon ini sa dagat maski dae man talaga ki prusisyon ta madagaton, kaya puon kaito permi mi na pigpuprusisyon si Ina maski maraot su panahon…"

> Salin: May mga kuwento din na may nakakakita ng imahe ni Ina na nagpuprusisyon ito sa dagat kahit wala naman talagang prusisyon dahil malakas ang alon ng dagat, kaya simula noon kahit lagi na itong ipinuprusisyon kahit masama ang panahon.-(Kalahok Blg. 1, 2 at 4)

Ang karanasan ng komunidad sa mga ganitong pangyayari ay maaaring magpatibay ng kanilang pananampalataya, lalo na't iniuugnay nila ang pagbabago ng panahon sa presensya ng kanilang Mahal na Patrona. May kaugnayan ito sa pag-aaral ni Tiatco (2012)[20], na may mahalagang papel ang Birheng Maria sa mga pagtatanghal at rituwal. Ang mga deboto ay nakakaranas ng espirituwal na pagyabong sa pamamagitan ng kanilang aktibong pakikilahok sa mga rituwal na ito. Batay sa pakikipanayam sa mga deboto nabanggit ang pahayag na:

> "…Kan 2016 maprusisyon naman kan imahe ni Ina sa Caricaran. Kan paduman na ang imahe kaibahan su mga deboto kaini. Paghali sa Tiris grabe an raot kan panahon nag-uuran, nagkikidlat at makusugon su dalugdog. Kaya nga an makangangalas kay pag-abot sa Sto. Domingo dae man ki uran asin marahunon su tinampo…"

> Salin: Noong 2016 maprusisyon na naman kan imahe ni Ina sa Caricaran, nang papunta na ang imahe kasama ang mga deboto nito. Pag-alis nito sa Tiris sobrang sama ng panahon, umuulan,kumikidlat at sobrang lakas ng kulog. Kaya nga ang nakapagtataka pagdating sa Sto. Domingo wala naming ulan at tuyong-tuyo ang kalsada.-(Kalahok Blg. 1, 2, 3, 5 at 7)

Sa pamamagitan ng mga paghihimala ng Kambal de Maria ng Bacon, ipinapakita nito sa mamamayang Bacongnon ang kahalagahan ng panalangin, pananampalataya, at pagtutulungan sa pagpapaunlad ng kanilang espirituwal na buhay at ang pagpapalakas ng kanilang relasyon sa Diyos. Malaki ang kaugnayan nito sa pag-aaral ni Alvarez (2020)[21] na ang talang historikal at pakikipanayam sa mga deboto ng dalawang simbahan sa Malabon, gayundin ang debosyon sa Birheng Maria ay nagsisilbing pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang Pilipino. Kung kaya't ang hidwaan tungkol sa awtentisidad ng mga imahen ni Maria at ang papel ng indibiduwal na pamamanata sa mas malawak na lipunan. Ang kontemporaryong kalagayan ng Katolisismo sa Pilipinas, kabilang ang debosyon sa Birheng Maria ay nagpapakita ng malalim na personal na koneksyon kay Maria ng mga deboto at na nakakatulong sa kanilang espirituwal na pag-unlad. Ang debosyon ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng tradisyonal na pananampalataya at modernong pamumuhay (Cornelio, 2014)[22].

**b. Paggaling mula sa karamdaman o aksidente**

Ang imahe ng Kambal de Maria bilang mapagkalingang ina ay nagbibigay inspirasyon sa mamamayan ng Bacon upang ipagpatuloy ang buhay sa kabila ng mga hamong ibabato sa kanila ng iba't ibang sitwasyon. Nagiging simbolo Siya ng pag-asa at katiwasayan sa isip, damdamin at puso ng isang deboto. Sa gitna ng matinding pagsubok, kapag ang buhay ay nasa bingit ng kamatayan, madalas nasusubok ang pananampalataya ng mga deboto. Batay nga sa isang deboto binanggit niya na:

> "…Naospital ako ta ako nakauwaan, nagparapabulong ako, paglaom ko magagadan na ako ta nag 50/50 an sakuyang buhay…"

> Salin: Naospital ako dahil nakunan, nagpagamot ako, akala ko mamamatay na ako dahil nag 50/50 na aking buhay.-(Kalahok Blg. 6)

Makikita na batay sa pahayag ng deboto ang malakas na pananalig kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagsisilbing sandigan sa gitna ng matinding pagsubok tulad ng malubhang karamdaman. Ang karanasang ito ng deboto ay sumasalamin sa malalim na espiritwal na koneksiyon ng deboto sa kaligtasan at pagpapagaling na hatid ng imahe at ito ay nagiging daan upang mapanatili ang pag-asa at paniniwala sa himala ng kagalingan.

> "…Pirang taon an hilang kan aki ko, dae pa ngani nagrarahay su agom ko naman halos sarong taon, dae pa ngani ayad, nagkaaksidente naman su mga akian, tapos nagsalida naman si Marcon naaksidente, ngonian bagsak an pamumuhay mi permi lang ako magtubod sa mahal na Ina asin pakusugon su buot mi…"

> Salin: Ilang taon ang sakit ng anak ko, hindi pa nga gumagaling ang asawa ko naman halos isang taon, hindi pa nga gumagaling, naaksidente naman ang aking mga anak, tapos pumalit naman si Marcon naaksidente, ngayon bagsak ang aming pamumuhay naming lagi lang akong naniniwala sa mahal na Ina at palakasin ang loob namin.-(Kalahok Blg. 9)

Ang malalim na pananalig ng mga deboto sa Santo Niño ay may malaking ugnayan sa mga himalang naranasan. Ang karanasang ito ay nagsisilbing gabay tungo sa pagiging positibo sa buhay at pagpapatibay ng pananampalataya (Agcaoili, 2018)2[3]. Ang pananampalataya ay nagsisilbing alituntunin ng pagkilos at kapangyarihan na humuhubog sa pagkatao ng isang indibiduwal. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng matibay na pundasyon ang moralidad at prinsipyo ng isang tao, na nagiging gabay sa kanyang mga desisyon at kilos sa araw-araw na buhay.Dagdag pa rito, ang pananampalataya ay nagsisilbing alituntunin ng pagkilos at kapangyarihan na humuhubog sa pagkatao ng isang indibiduwal. Ang debosyon ay may kaakibat na sakripisyo na nagpapapatatag sa pagkatao at pananampalataya ng mga deboto (Ucthdorf, 2010)[24].

**c. Paghingi ng kaligtasan sa unos o kalamidad**

Sa kasaysayan ng pananampalataya, hindi mabilang ang mga kuwento ng himala na nagpatibay sa debosyon ng mga nananalig kay dalawa imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria, ang Mahal na Birhen. Ang mga Bacongnon ay madalas lumalapit sa Kambal de Maria o kay Ina sa panahon ng sakuna, tulad ng bagyo, lindol, o iba pang kalamidad, at naniniwalang magbibigay ng proteksyon at lakas. Isa sa mga makapangyarihang patunay ang gabay ng imahe ng Kambal de Maria na puno ng pagmamahal sa mga karanasang tulad ng ibinahagi ng isang deboto:

> "…Sarong aldaw pig-abot kami ki grabeng balud sa tunga kan dagat iyo ini su pig-aapod na subasco, pero herak kan Diyos asin sa pagtubod mi kay Ina nakagilid su pigsakayan ming bangka asin nakaligtas, ta aram mi Siya yaon permi sa dagat…"

> Salin: Isang araw inabot kami ng malalaking alon sa gitna ng dagat ito ang tinatawag na subasco, ngunit sa awa ng Diyos at sa aming paniniwala naming kay Ina napunta sa gilid ang sinakyan naming bangka at nakaligtas, kasi alam naming na nasa dagat Siya palagi.-(Kalahok Blg. 5)

Ang malalim na paniniwala ng deboto sa kapangyarihan ng pananampalataya at pananalig sa Kambal de Maria. Ang espirituwal na paggabay na ibinibigay ng Mahal na Birhen ay saligan ng kaligtasan mula sa panganib ng malalaking alon sa laot. Batay din sa pahayag ng isang kalahok malaki ang kaniyang pasasalamat dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria kaya't nabanggit niya na:

> "…Nagkakahoy kami sa bulod kan panahon iyo ini an saro sa samuyang pagbuhay dahil dae kami nagkukulang sa pagtubod kun kaya nakaligtas kami sa anuman na aksidente…"

> Salin: Nangangahoy kami sa bundok noong panahon ito ang isa sa aming hanabuhay dahil hindi kami nagkukulang sa paniniwala kung kaya nakakaligtas kami sa anomang aksidente.-(Kalahok Blg. 7)

Ang matibay na paniniwala ng mga deboto kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagbibigay ng lakas ng loob at seguridad sa mga debotong patuloy nananalig sa Kaniya, kaya't itinuturing nilang proteksyon ang kanilang pananampalataya sa kabila ng panganib na maaaring maganap sa oras ng paghahanapbuhay. Gayundin, nagiging gabay at sandigan ng mga deboto ang malakas na debosyon upang malampasan ang mga hamon ng buhay. Sa naging pahayag ng isang kalahok nabanggit niya na:

> "…May daga ako sa Danao na inagaw, hinamon ako ki gadanan pero pag may pagtubod ka makasalbar asin magkakaigwa ki peace of mind…"

Salin: May lupa ako sa Danao na inagaw, hinamon ako ng patayan ngunit kapag may paniniwala ka makakaligtas at magkakaroon ng peace of mind.-(Kalahok Blg. 8)

Ang paniniwala kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagsisilbing sandigan ng pag-asa at katatagan sa gitna ng pagsubok, gaya ng karanasang inilahad ng kung saan ang pananampalataya ay naging daan sa kanyang kaligtasan at kapanatagan ng loob. Ipinapakita nito na ang matibay na pananalig ay hindi lamang nagbibigay ng lakas ng loob kundi nagiging gabay din sa pagharap sa mga hamon ng buhay nang may kapayapaan. Dagdag pa ng isang deboto nabanggit niya na:

> "…Problema sa apo kay nasa ospital dahil sa sakit na hika asin pulmonya, mas pinapanarig niya ako, naghahagad po ki tabang na malampasan an problema…"

Salin: Problema sa aking apo dahil nasa ospital dahil sa sakit na hika at pulmonya, mas pinapanalig niya ako, humihingi ako ng tulong na malampasan ang problema.-(Kalahok Blg. 22)

Ang pananalig ng mga deboto kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagpapakita kung paano nagiging sandigan ang debosyon sa harap ng matinding pagsubok, lalo na sa mga problemang may kaugnayan sa kalusugan ng pamilya. Ang paghingi ng tulong sa Birhen ay nagpapakita ng paniniwala na sa pamamagitan ng panalangin at debosyon, makakamtan ang kagalingan at masusumpungan ang pag-asa sa gitna ng pagsubok.

> "…Igwa ki problema sa aki, problema sa hilang, pagnahagad ki tabang nagian su pamati basta husto su pagtubod…"

Salin: Mayroong problema sa anak, problema sa sakit, kapag humingi ng tulong nagiging magian ang pakiramdam basta't may paniniwala.-(Kalahok Blg, 19 at 20)

Ang pahayag ay nagpapakita na ang debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng emosyonal na kapanatagan sa mga deboto. Sa harap ng mga suliranin tulad ng sakit o problema sa pamilya, ang paghingi ng tulong sa Mahal na Birhen ay nagiging daan upang gumaan ang kanilang pakiramdam. Ito ay nagpapahiwatig na ang pananampalataya ay may kakayahang magbigay ng lakas ng loob at katiwasayan sa kalooban, anuman ang bigat ng pinagdaraanan.

> "…Harani sa dagat an samuyang harong kaya takot kami, dahil sa bagyo kaya nakalipat kami, dai niya kami pigpabayaan, iyo ini an way ni Ina para maging safe kami…"

Salin: Malapit sa dagat ang aming bahay kaya't takot kami, dahil sa bagyo kaya nakalipat kami, hindi niya kami pinabayaan, ito ang way ni Ina para maging safe kami.-(Kalahok Blg. 17)

Ang pahayag ng deboto ito ay nagpapakita kung paano nagiging mahalagang bahagi ng buhay ng mga deboto si Nuestra Señora de Peñafrancia, lalo na sa panahon ng panganib. Ang takot na dulot ng bagyo at ang pangangailangang lumipat ng tirahan ay nagpapakita ng kawalang-katiyakan sa buhay. Ang mga karanasan ng mga indibiduwal na nakaranas ng mas malalim na paggaling mula sa depresyon at pagkabalisa sa pamamagitan ng espirituwal na paglapit at pananampalataya. Ang pag-asa at paniniwala sa Diyos ay may positibong epekto sa emosyonal at mental na kalusugan ng isang tao (Hess, 2022)[25].

**d. Pagkakaroon nang maayos na pamumuhay**

Ang debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagsisilbing gabay sa maraming mananampalataya tungo sa isang maayos at makabuluhang pamumuhay. Sa pamamagitan ng pananalig at panalangin, nagkakaroon sila ng inspirasyon upang harapin ang hamon ng buhay nang may pananampalataya at kababaang-loob. Batay sa naging salaysay ng mga deboto nabanggit ang:

> "…Pighagad kay Ina na mataw-an ki maray na lawas maski nagtitios…"

Salin: Hiningi ko kay Ina na mabigyan ng maayos na pangangatawan kahit naghihirap.-(Kalahok Blg. 5)

Ang kaniyang debosyon ay isang halimbawa ng pananampalatayang ipinapasa mula henerasyon hanggang henerasyon, kung saan ang mga deboto ay lumalapit sa Birhen hindi lamang para sa personal na kahilingan kundi bilang bahagi ng isang pangmatagalang paniniwala at tradisyon. Ayon naman sa pahayag ng isang deboto nabanggit niya na:

> "…Nagpapatuwang na magkaigwa ki magian na pagbuhay asin makusog na lawas…"

Salin: Humihingi ako ng tulong na magkaroon ng magian na pamumuhay at malakas na katawan.-(Kalahok Blg. 8 at 9)

Isang paraan ng pagninilay sa buhay at paghingi ng lakas sa bawat hamon. Ito rin ay pagpapakita ng pasasalamat at pagbibigay-galang sa Kambal de Maria o sa imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia. Sa pamamagitan ng lahat ng mga gawaing ito, lalong napapalapit ang deboto sa Diyos dahil sa pakikipamagitan ng Mahal na Birhen, at napapatatag ang pananampalataya ng buong mamamayang Bacongnon.

Ang malalim na pagdidebosyon ng mga Bacongnon sa Kambal de Maria ay sa isang malalim, tapat, at patuloy na pagsamba, pananalangin, o pag-aalay ng sarili sa Diyos sa tulong ni Ina ay isang banal na gawain. Ito ay higit pa sa simpleng pagsunod sa mga rituwal o kung ano pa mang tradisyong kinasanayan. Madalas ginagawa ito upang ay mapalapit ang sarili sa Diyos, magbago sa kabutihan, at maipakita ang pananampalataya sa pamamagitan ng gawa at pag-uugali. Ang karanasan ng mga deboto sa matupad ang mga kahilingan ay nagiging sanhi ng pagkamatibay pa sa pananalig, nagbubunga ito ng kaligayahan ng isang tao at pagiging positibo sa buhay (Lyubomirsky, 2008)[26].

**V. KONSIDERASYONG ETIKAL**

Sa pag-aaral na ito ay tiniyak ng mananaliksik na mapapanatiling konpidensiyal ang mga impormasyon lalo na sa personal na buhay ng mga impormante. Ang mga pahayag ng mga impormante ay sisiguraduhing walang anumang mga sensorang nilalaman at walang pagtatangkang paggamit ng hindi angkop na salita sa bawat datos na nalikom mula sa pahayag ng mga impormante. Ang mga kuhang larawan at bidyo ay may pahintulot sa mga impormante na magagamit lamang sa napag-usapang awtput ng pag-aaral. Ipinaalam rin ang ginawang pag-aral sa magalang pamamaraan na mauunawaan ng mga impormante.

**VI. KONLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa natuklasan ang mga sumusunod ang nabuong konklusyon: Mayroong kaniya-kaniyang makasaysayang kuwento ng dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o ang Kambal de Maria mula Sitio Tiris, Osiao at Poblacion Bacon at may makasaysayang kuwento sa pagpapasimula ng Kambal de Maria. Mayroon ding kaniya-kaniyang karanasan ng paghihimala sa buhay ng mga deboto ang patuloy na paglahok sa Prusisyong Naval ng Kambal de Maria o ang dalawang imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia, ang mga karanasan ito ay kasasalaminan ng malalim na pananampalataya, pananalig at pagpapasalamat sa Birheng Maria.

May implikasyong nabuo ang pag-aaral ito para sa mga guro tulad ng paggamit ng nalikom na makasaysayang kuwento ng Kambal de Maria kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at kasaysayan. Ang pagtuturo ng kahalagahan ng pananampalataya at pananalig sa Mahal na Birhen ay magsisilbing pagkakataon upang ipaliwanag kung paano nakaaapekto ang pananampalataya sa buhay ng mga tao at sa kanilang mga tradisyon. Ang patuloy ng pagpapahalaga sa pananaliksik sa pamamagitan ng paghihikayat sa mga mag-aaral na magsagawa ng sariling pananaliksik tungkol lokal na kultura at tradisyong Bacongnon ay magsisilbing hanguan ng kaalaman at mataas na antas ng kamalayan.

May implikasyon din nabuo para sa mga mag-aaral tulad ng pagpapahalaga sa lokal na kasaysayan ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkilala at pagpapahalaga sa sariling kultura at magbibigay-daan sa mas malalim na paggalang sa kulturang pamana. Sa pamamagitan ng paglinang ng diwa ng pagkakaisa at pasasalamat ito ay magbibagay ng tunay na pag-unawa sa diwa ng pagkakabuklod para sa Prusisyong Naval at kahalagahan ng sama-samang paggunita sa relihiyosong gawain. Ang panghikayat sa aktibong pakikilahok sa relihiyosong gawain ay representasyon ng mataas na pagkilala sa kasaysayan at himala ng Kambal de Maria at ito ay maaaring magbigay-inspirasyon sa mga mag-aaral na mas maging aktibo sa pagdiriwang ng kanilang mga lokal na kultura at tradisyong Bacongnon.

Inirerekomenda ng pag-aaral na ito na gamitin at gawing lunsaran ng mga guro at mag-aaral ang nabuong babasahing materyal at bidyong dokyumentari para sa mga asignaturang may kaugnayan sa relihiyon, panitikan, panlipunan at edukasyong sa pagpapahalaga. Paigtingin at patatagin ang ugnayan ng simbahan, lokal na pamahalaan at mga paaralan sa pagsasagawa ng mga relihiyosong gawain na makatutulong sa pagsulong ng pamanang kultural. Magsagawa pa ang mga paaralan at iba pang mga ahensya ng lokal na pamahalaan ng hakbang upang mas mapahalagahan pa ang mga relihiyosong gawain tulad ng prusisyong naval, novena, aurora, semana santa, festival at iba pa.

**SANGGUNIAN**

[1] UNESCO. (2024). *Culture and R&D November 2024 data refresh – with updated stats and indicators*. UNESCO Institute for Statistics. https://uis.unesco.org/en/news/Culture-RD-November2024DataRefresh%E2%80%93with-updated-stats-indicators
[2] Kleinman, A., Benson, P., & Das, V. (2006). *Anthropology in the clinic: The problem of cultural competency and how to fix it*. *PLOS Medicine, 3*(10), e294. https://doi.org/10.1371/journal.pmed.0030294
[3] Peracullo, J. (2020). Spaces of the Virgen de Caysasay. *Anthropological Notebooks, 26*(3), 91-102.
[4] Basco, E. (2014). *Mga dalit sa aurorahan: Sosyo-kultural na lente ng etnisidad ng mga talisayon*. Presented at the DSLU Research Congress 2014, De La Salle University, Manila, Philippines.
[5] Gonzales, R. (2021). *Oral traditions and Marian devotion: The transmission of faith narratives in Philippine communities*. *Journal of Southeast Asian Cultural Studies, 18*(3), 120-138.
[6] Alejo, A. E. (2004). *Popular spirituality as cultural energy: In lecture series 3 on spirituality*. Office of Research Publication, Ateneo de Manila University.
[7] Dela Paz. (2008). *Prusisyon at kultura: Ang papel ng mga prusisyon sa lipunang Pilipino*. *Asian Journal of Cultural Studies*.
[8] Jocano, F. L. (2005). *Filipino worldview: Ethnography of local knowledge*. PUNLAD Research House.
[9] Forgeard, M. (2023). *Bisa ng pagtuturo sa makasaysayang pagpapahalaga sa kontemporanyong kulturang Pilipino ng mga mag-aaral sa humanidades at agham panlipunan. Journal of Philippine Cultural Studies, 15*(1), 89-112.
[10] De La Cruz, J. (2018). *Ang papel ng imahen sa debosyon ng mga Pilipino*. *Journal of Philippine Cultural Studies*.

[11] Santos, J., et al. (2020). Faith and miracles: The role of Marian apparitions in strengthening Filipino spirituality. *Asian Journal Theology, 32*(1), 78-95.
[12] Santos, M. C. (2018). *Ang papel ng kasuotan sa pagkilala sa mga santo sa relihiyong Katoliko*. *Journal of Philippine Cultural Studies*, *10*(2), 45-67.
[13] De la Cruz, M. (2019). *Ang papel ng rosaryo sa pananampalatayang Katoliko: Isang kasaysayan at kultural na pagsusuri*. *Philippine Journal of Religious Studies*, *22*(2), 134-150.
[14] Reyes, A. (2023). *Ang paghahanap ng Diyos: Pag-aaral sa mga sistema ng pananampalataya*. *Philippine One*, Oktubre 20, 2023.
[15] Garcia, L. (2024). *Dakilang kapistahan ng pag-aakyat sa langit ng Mahal na Birheng Maria: Isang pagdiriwang ng pananampalataya*. *Our Parish Priest*, Agosto 14, 2024.
[16] Jersey, C. D. (2016). *Mga akda tungo sa pagkilala ng kulturang Bacongnon*. Sorsogon State College, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Sorsogon.
[17] Cantorbery, T. (2017). *Ang pitong kagalakan ni Maria: Isang debosyong ipinakita ng Birhen mismo*.
[18] Ordoñez, G. H. (2024). *Tunay na debosyon kay Maria: Mahalagang salik sa Kristiyanong pananampalataya. Our Lady of the Abandoned Parish Marikina*.
[19] Rañada, R. (2019). *Maria... Pinagpala, modelo, ina nating lahat*. *St. Francis Xavier Parish*.
[20] Tiatco, S. A. (2012). *Devotion and spectacle: The Santo Niño and the Senakulo performances in the Philippines*. *Asian Theatre Journal*.
[21] Alvarez, L. (2020). *Ang dalawang Maria ng Malabon: Panata bilang pagsasabuhay sa mga pagpapahalagang Pilipino sa konteksto ng ugnayang pangkasaysayan at pangkalinangan ng La Inmaculada Concepcion at Nuestra Señora de los Desamparados*. *DIWA E-Journal*, *7*, 45-67.
[22] Cornelio, J. S. (2014). *Being Catholic: Church, state, and society in the Philippines*. Routledge.
[23] Agcaoili, J. B. (2018). *Pagkokonsepto ng mga deboto sa pananalig sa Batang Hesus*. *Global Journal of Human-Social Science*, *18*(10). https://globaljournals.org/GJHSS_Volume18/4-Pagkokonsepto-ng-mga-Deboto.pdf
[24] Utchdorf, D. F. (2010). Ang nagbabagong kapangyarihan ng pananampalataya at pagkato. *Liahona*. churchofjesuschrist.org.
[25] Hess, J. (2022). *Bagong pag-asa para sa mas malalim na paggaling mula sa depresyon at pagkabalisa*. *Liahona*. https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2022/07/07_new-hope-for-deeper-healing-from-depression-and-anxiety?lang=tgl
[26] Lyubomirsky, S. (2008). *The how of happiness: A new approach to getting the life you want*. Penguin.

International Research Journal
IJNRD
Research Through Innovation